

Ang komunikasyon ang susi sa mas ligtas na operasyon

Pebrero 2025



Larawan 1.

Kaayusan ng mga tubo at tamang mga halaga ng higpit

Pinagmulan:

Ulat CSB
No. 2021-01-I-TN

Isang insidente ang naganap sa isang 70-foot (21m) na taas na platapormang pangkagamitan nang ang isang kontratistang tagaayos ng tubo ay naglapat ng sobrang lakas upang higpitan ang mga tornilyo ng flange sa tubo ng labasan ng pampalit ng init na naglalaman ng puno ng gas ng haydrogen klorido (HCl), na naging sanhi ng pag-biyak ng tubo at paglabas ng nakakalason na HCl.

Pitong manggagawa mula sa dalawang kontratista ang naroroon sa plataporma. Upang makatakas mula sa paglabas ng HCl, tatlong tagabukod ang umakyat sa mga tubo sa gilid ng istraktura; bumagsak silang tatlo sa lupa. Isang manggagawa ang nasugatan, at ang dalawa pa ay nagtamo ng malubhang pinsala.

Inilarawan ng kumpanya ang gawain sa katiwala ng taga-ayos ng tubo. Nagbigay sila ng manwal ng kagamitan ng taga-gawa na naglalaman ng detalye ng lakas na 40 ft-lbs. para sa mga tornilyo sa mga tubo na may bahid PTFE. (Larawan 1.) Hindi kasama sa manwal ang mas mababang torque na kinakailangan para sa mga tornilyo na kumukonekta sa PTFE na mga tubo sa grapayt na nguso ng gripo sa pampalit (exchanger). Ang kumpanya ay nagbigay sa kontratista ng mga tubo ng drowing sa pampalit ng init, na nagpakita ng 15 ft-lb. ang kinakailangang lakas (torque). Ang mga taga-ayos ng tubo ay walang dalang drowing ng disenyo noong ginawa nila ang trabaho.

Pinangunahan ng katiwala ang mga taga-ayos ng tubo sa pampalit ng init upang pasalitang suriin ang mga gawain at ipahiwatig ang mga partikular na koneksyon sa tubo na dapat nilang higpitan. Bumalik ang mga manggagawa sa antas ng lupa para maghanda para sa trabaho, at umalis na ang katiwala sa lugar.

Ang iba't ibang mga kinakailangang higpit ay hindi malinaw na ipinaliwanag at humantong sa hindi sinasadyang labis na pag-higpit ng mga tornilyo ng flange sa mga gumaganang ekipo, ang bitak nito, at ang paglabas ng HCl.

Alam Mo Ba ?

- Ang pagbabawas ng mga pagkakamali ay nagsasangkot ng mahusay na mga pamamaraan, pagsasanay, at kapag kinakailangan ay ang pagbisita sa lugar upang kumpirmahin ang mga detalye bago simulan ang isang gawain.
- Ang pagpapakita sa isang tao ng isang sitwasyon ay nagpapahintulot sa kanila na makita ang gawain, magtanong at makakuha ng mga sagot bago simulan ang isang gawain.
- Ang mga nakasulat na tagubilin ay nagbibigay ng gabay na maaaring dalhin kung saan gagawin ang aktibidad.
- Ang mga pandiwang komunikasyon ay pinakamabilis at pinakamadali ngunit madaling kapitan ito ng hindi pagkakaunawaan.
- Ang mga natatanging salita na ginagamit ng isang partikular na grupo ay tinatawag na pabalbal na usapan (jargon). Maaaring may ibang kahulugan ang mga ito sa mga nasa labas ng pangkat ng trabaho tulad ng mga kontratista.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Sumulat ng malinaw na mga entrada sa talaan, lista sa pag-ikot o iba pang mga tala. Gumamit ng mga paglalarawan o numero ng kagamitan at iwasan ang mga pagdadaglat at pabalbal na usapan (jargon).
- Ituro ang mga kritikal na isyu at gawain, tulad ng mga lokasyon ng patlang ng linya o mga koneksyon sa hose, sa lugar ng trabaho kasama ng mga magsasagawa ng trabaho.
- Mag-isyu ng mga permiso sa mga manggagawang kontrata kung saan isasagawa ang trabaho. Maaaring makatipid ng oras ang dagdag na oras para suriin ang trabaho at maiwasan ang isang insidente.
- Ulitin ang mga komunikasyon sa radyo pabalik sa nagpadala upang kumpirmahin na naiintindihan mo ang mensahe.
- Magtanong sa kasamahan kung hindi ka sigurado kung paano magpapatuloy. Mas mainam na magdulot ng bahagyang pagkaantala kaysa sa isang seryosong insidente.

Dapat isulat mahalagang impormasyon at tagubilin. Dapat ipakita ang mga mapanganib na isyu.